# Alamat Tuwing May Salita

PAOLO TIAUSAS

## Proxy

Naging lilim natin ang puno
sa gitna ng biglaang pagbagyo.

Nalulusaw ang abot-tanaw.
Dumidilim ang buong lungsod

maliban sa malamlam na tanglaw
ng ating magkatabing hubog.

*Malulunod tayo maya-maya.*
May mga dahong lumulutang

sa ating paanan. Ulan
ang dumuduyan sa aninong

nasasagap ng maputik na baha.
Sa gitna ng lungsod, mananatili

tayong nasagip ng isang puno
dalawang dalangin sa gitna ng delubyo—

pako ang iyong titig sa langit,
marahil sumasamo ng pagtila

samantalang ako sa lupa, nagmamasid
sa anino natin na tila iisa.

# Alamat Tuwing May Salita

Halimaw ang boses ng madla. Daan-daang dila
bumabaluktot sa bawat salita, sabay-sabay

nilalasap ang wikang tugon sa kani-kanilang
alaala. Ngunit naluluma rin ang salita.

Naglalatak sa arkitektura. Sa pagwasak
nang doble sa daan-daang taingang pinagana

bilang makinang kaliwa-kanan-kanan-kaliwa
lagi na lamang may nabubuo at naiiwan

sa katawang nahahanggan. Naiipon ang bigat
sapagkat di kailanman ganap ang magpakawala.

Dito, kung saan pagkukubli ang namamayani,
sa mga bahaging hindi matalos ng daliri,

hungkag na instrumento ng tunog ang bibig.
Anomalya: naglalaho ba ang aking salita.

Tugon: hindi ko alam; hindi ko malalaman pa.
Sa gitna ng wika ay may pusong nagpapalahaw,

nakikiusap, nanghahamak, at may sinasabi
ako at doon, doon na nagwala ang halimaw.

Sa gitna ng madla may kinikimkim akong lihim.
Nangatal ang hangin, mabigat ang tugon kong dilim.

## Para Kay X

1

Gumuhit ako ng ulap sa papel at pinangalanan:
X. Halagang hindi matantsa ang pangalan mo.
Rehas ng mga linyang nakahalang, lumalamlam
na katamlayan ang kulay mo, araw ng Agosto.

Ang X bilang tanda para sa nakatakdang mawala.
O nawala na, kung susukatin ang lawak ng langit
kung saan nakapaskil ka kasama ang pag-iisa.

Kaya narito ang isang kidlat, maingat kong iguguhit
kasama ang humigit-kumulang dalawa pa. Mga kaibigang
mapangahas sapagkat habang-buhay silang liwanag
na iyong makakasama—mga ekstensyon ng larawan.

Sumisilakbo. Nakatatakot. Mga bakas at hudyat
at natatantiyang buntong-hininga, ang X bilang
antas ng naghahasik na unos handang manalasa.

2

Ang X at ang iniindang langit, ang X na multong gumagaan
sa pagpapalipad ng usok, ang X na binitiwang salita.
Sa dami ng nakikita, isa-isang nabubura ang lahat
sa kalikasan: ang init ng kidlat at pagbabagong-sining

bilang tinta, sumasapit ang kanilang paglantad-
pagpaloob sa kanilang pinakatatagong dilim.
Walang mananatili sa larangan ng pangalan.

Walang maaaring maibukod mula sa anyo
at lalong walang makapagtatago sa tunghay
ng letrang parikala ng ating pagtatagpo.
Lagi lamang kakanti ang anumang pag-uwi.

Kaya iguguhit kita ng mga kaibigang gusali
sa pagkakataong sabihin mo ang sukat na salita.
X, at saka ako maniniwala.

# Eksena ng Apoy

Pabigat lamang nang pabigat
kung pumanaw ang mga alamat

sa eksena ng apoy. Ang pagtatagpo
sa limot nang mapa ng pagkaligaw

sa gunitang nagkakalikaw-likaw,
ang mga matang nagliliyab

hinahanap ang kahulugan ng init.
Sa lungsod na ito ng damdamin

may panahong nakatakda sa lahat
at nagkakatinginan ang ating patlang

sa kisapmatang magpakailanman.
Nagdaan noon ang mga panahon

sa iyong ngiti, nangingiming ngiti,
saliw na nagsimulang bumuhos

ang inaabangan mong ambon
at sa sandaling pansinin kita

habambuhay akong nilalang
na nagngangalang pag-iisa.

## Wakas

Kung saan nagbabaga ang laman sa sariling balat,
may sugat. Libangan lamang ang katawan—
ang saglit na kalayaan mula sa lupa't langit
ang pinakaaasam bago madatnan ang sariling
hubog na pumupulot ng putik at buhangin,

sadyang mapangahas ang sementadong daan.
Babaliin nito ang buto sa daan-daang anggulo
iiwang hungkag ang bungo. Magiging ulan
ang dugo at ipandidilig sa tuyot na aspalto.
Sa bingit ng kamatayan ang pagwawakas

habang kinukupkop nito ang iyong katawan.
Dahan-dahang gagawing bato ang iyong anyo.
Pagtitirikan ka ng mga kandilang ilaw-poste,
mga panghalili sa langit at talang ginto.
May langit sa lupa. Inaawitan ka nito

ng libo-libong malumbay na elehiya
sa saliw ng hindi mapatahang dagundong
ng makina. Sa wakas, ang pagpapakilala.
Ang lungsod sa likod ng lahat ng anino
nagbabadya. Nagbabaga sa sariling balat.

## Overpass

Nagsisilbing silong ang sementong highway
sa itaas nitong overpass na iyong kinatatayuan.
Ngayong tanghali nagaganap ang bagong disenyo.

Lumikha ka ng puwang sa pagitan ng dalawang daan,
lunan na napaliligiran ng rehas, poste, semento
at bakal na dagat para sa iyo na nakatapak,

para sa iyo na tatawid patungo sa kabilang dako
nitong larawan. A, kung pipikit ka lamang—
maaaring painugin ang mundo sa alinmang gitna

sa larawan, maaaring pumili ng lulusungang gitna
at doon ka manahan. Hindi ka mawawala
sapagkat nasusukat mo ang bawat hugis,

nakakaltas ang mga espasyo mula sa espasyo
at kung pipikit ka lamang, hindi ka mawawala
kahit mapanlinlang ang imahen. Imahen

siya na nakikita mo, ang kanyang kawalang-mukha,
siya na kanina pa nakaluhod, nakalahad
ang mga palad, kanina pa nakatunghay sa iyo

kahit wala namang mata. Sa bisa ng disenyo,
banayad kang hinihila at dinadala patungo
sa kanyang kahali-halinang patlang. Isang tingin

at nalulusaw ang kaligirang nilikha, nagsasanib
sa isang disenyong nakaambang gumuho
sa isa pang disenyong nakaambang gumuho.